

Bakit Tinawag na "Taon ni Zayed"

Ang bansang UAE ay karaniwan nang tagapanguna sa iba't-ibang larangan, kabilang na ang pagnanais na lumikha ng isang pangalan para sa bawat taon, tatlong taon na ang nakalipas. Ang taong 2018 ay ipinangalan para kay Sheikh Zayed, kaya tinawag itong "Taon ni Zayed". Ang pamahalaan ng UAE kasama ang mga pribadong institusyon ay maglulunsad ng serye ng mga hakbangin upang ipagdiwang ang mga tagumpay at kahalagahan ni Sheikh Zayed sa okasyon ng ika-100 anibersaryo ng kanyang kapanganakan.

Si Sheikh Zayed, ang siyang nagtatag sa bansang UAE bilang natatanging modelo ng isang estadong tradisyonal ngunit makabago. Nakamtan niya ang mga di-malilimutang tagumpay sa iba't-ibang larangan, taglay niya ang katalinuhan sa pagpapalano at kahusayan sa pamamaraan, siya ay naging huwaran at simbolo sa pagmamahal sa bayan at pagmamalasakit para sa mamamayan. Kanyang isinulat ang katangi-tanging kasaysayan ng UAE na naging dahilan upang ito ay maituring bilang isang larawan ng pinakamataas na pamantayan ng mga mauunlad na bansa. Mga pamantayang patuloy na nagbibigay-liwanag sa mga henerasyon, at nagtutulak tungo sa kaunlaran at nangangalaga sa karangalan ng UAE sa loob at labas ng bansa.

Mula nang ito ay maitatag, ginawa ni Zheikh Zayed ang UAE bilang isang bukal ng kabutihan at kawang-gawa para sa mamamayan, maging sa buong rehiyon at mundo. Kasama ng lahat ng kanyang mga kapatid at mga kaibigan, kanilang ipinaabot ang tulong sa silang mga mahihirap at nangangailangan sa iba't-ibang bahagi ng mundo na walang pagtatangi at diskriminasyon maging anuman ang kanilang relihiyon, lahi o kulay. Dagdag pa rito ang mga proyektong inilunsad para sa kaunlaran ng maraming bahagi ng mundo. Sa mga kadahilanang ito, ang bansang UAE ay naging pandaigdigang simbolo ng pagtulong at pag-intindi sa kapwa tao, at naging uliran sa pagpapalaganap ng mabuting ugnayan, magandang asal at makataong pakikitungo. Sa kasalukuyan, ang UAE ay nangunguna sa buong mundo sa larangan ng pagbibigay-tulong sa mga nangangailangan, na mayroong buong paniniwala na ang mga namumuno ay magpapatibay sa gawaing ito para sa mga susunod na henerasyon.



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

Sa kasalukuyan, ang mga anak ni Sheikh Zayed ay patuloy na sumusulong sa matatag na landas ng kahusayan upang makamit ang pandaigdigang pangunguna sa iba't-ibang larangan ng kalakaran. Datapuwat ang UAE ay nangunguna ngayon sa gitna ng mga nasyong-Arabo at buong mundo sa maraming bagay ayon sa mga pag-aaral. Sa buong mundo, ang UAE ay nangunguna sa larangan ng pagsugpo sa krimen, tiwala ng mamamayan sa pamahalaan, kalidad ng mga kalsada at lansangan at husay ng paggastos ng pamahalaan, at pumapangatlo ang UAE sa larangan ng pag-intindi sa kapwa-Tolerance. Ang UAE ay nangunguna sa mga nasyong-Arabo bilang mayroong pinakamasayang mga mamamayan, matalinong pamamaraan ng edukasyon, pagpapaunlad sa yaman-tao, turismo at bisa ng pasaporte. Pumapangalawa naman ang UAE sa buong mundo sa larangan ng makabagong-ideya o innovation at kasiyahan sa kalagayan ng ekonomiya. Ang UAE ay pumapang-apat naman sa maginhawang pakiramdam, habang ang ekonomiya nito ay pinaka sari-sari sa rehiyon.

Naisulat na sa kasaysayan sa pamamagitan ng ginintuang mga titik ang mga ala-alang pamana ni Sheikh Zayed para sa buong mundo, bilang isang kontemporaryong pinuno at katangi-tanging katauhan na pinahahalagahan ng lahat ng mga tao at mga bansa sa rehiyon at sa buong mundo, dahil sa kanyang karunungan, natatanging pamumuno at mahahalagang tagumpay.

Bilang panghuli, sinabi ni Sheikh Khalifa bin Zayed (pangalagaan nawa siya ng Allah): [Kung ipinagmamalaki ng mga tao ang kanilang mga tagumpay na gawain, atin namang ipinagmamalaki ang pagiging mga anak ni Zayed.] Kaya't dapat nating ipagpatuloy ang pananaw na sinimulan noon ng ating ama na si Zayed, na ating panibaguhin ang katapatan sa bansa, pamumuno at pagkalinga sa kapwa.